

Tumanggap ng Kapahingahan at Kalayaan mula kay Jesus

“28 Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin. 29 Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. 30 Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan.” (Mateo 11:28-30 KJV)

Ang bawat isa sa atin ay nais at nananabik para sa kapahingahan sa buhay na ito kung saana ang lahat ng bagay ay nagiging masalimot. Mayroon ngayong mas maraming pasilidad na maging madali ang buhay, ngunit batid rin natin na ang mga pasilidad na ito ay narito ang buhay ay higit na komplikado dahil sa mas marami ang pangangailangan. Kapag mas maraming mga kagamitan ang mayroon ka, mas maraming pagpapanatili ang kailangan mo, mas maraming gastusin at mas maraming oras ang kailangan mong gastusin. **Narito ngayon kung nasaan ka sa panahong ito ng kasaysayan at sa lugar na ito ng mundo mayroong pangangailangan para sa kapahingahan.** Maaari tayong tumingin sa kanan at sa kaliwa, at maririnig natin ang tinig Niya, ang nilalang ay nagsasabi, ***“kayo'y aking papagpapahingahin.”*** Ang lahat ay kailangan ng kapahingahan at ang kapahingahang iyon ay makikita natin at tanging matatanggap lamang natin mula kay Jesus, Si Jesus ang magbibigay ng kapahingahan sa atin ngayon para sa buhay na ito, kung saan tayo'y nabubuhay at kaaya-ayang buhay sa lupa. **At mula kay Jesus magkakaroon tayo ng kapahingahan para sa ating mga kaluluwa para sa buhay na darating.** Pagkatapos ng kamatayan, ang mga kaluluwang masasama ay mapupunta sa impiyerno kung saan sila ay parurusahan magpakailanman. **Ngunit ipinangako sa atin ni Jesus ang kapahingahan para sa ating mga kaluluwa, tayo na sumusunod sa Dios at lumalakad ayon sa Kanyang Salita at kalooban.** Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, inilibing Siya ay bumangon mula sa kamatayan sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang bawat nagsisi mula sa maling paraan ng pamumuhay at ibibigay ang kanyang buhay sa Kanya. Si Jesus ay darating upang dalhin tayo kasama Niya sa Langit kung saan tayo magkakaroon ng kapahingahan at magpakailanman sa Kanyang presensya.

Nais mo ba ng kapahingahan? Kung oo kung gayon magtiis kasama kio na makinig sa huli ng mensahe.

Upang mahanap ang kapahingahannat ayon sa ***Mateo 11:28-30*** Itinagubilin sa atin ni Jesus na gawin ang sumusunod na tatlong mga bagay:

Una, upang mahanap ang kapahingahan sinabi ni Jesus. Magsiparito sa akin: Kailangan mong lumapit kay Jesus, lubos sa Kanya at isuko ang lahat ng bagay sa Kanya (Ang iyong puso, buhay, katawan, kinabukasan, kasalukuyan, atbp). Walang ibang paraan sa Dios kundi kay Jesus gaya ng ipinangako Niya sa ***Juan 14:6***, ***“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.”*** Nang sinabi Niya ***“Magsiparito sa akin”***, ibig sabihin ay may pagitan sa iyo at sa Kanya, o mayroon pa ring puwang at nais Niya na mas lumapit ka sa Kanya upang isara ang puwang na iyon at makasama Niya.

Kapag sinabi nating Jesus ibig sabihin natin ang Buhay na Salita at ang nakasulat na Salita ng Dios, kaya ang paglapit kay Jesus ay lumapit at tanggapin na mamuhay ayon sa Kanyang Salita,

Ikalawa, upang makasumpong ng kapahingahan sinabi ni Jesus, Pasanin ninyo ang aking pamatok: Maging handang makipamatok kay Jesus, Alam mo ba kung ano ang pamatok? Ang pamatok ay isang kasangkapan na ginagamit nila upang itali ang dalawang baka para mag-araro sa lupa upang sila ay lumakad nang magkasama at sa isang direksyon; Kaya walang sinuman ang maaaring pumunta nang mas mabilis o mas mabagal, o ang isa ay mauna at ang isa ay mahuli sa likod. Sa pamamagitan ng pamatok ay walang mapupunta sa kanan, at ang isa'y sa kaliwa sapagkat sila'y may pamatok. Sa kontekstong ito, ang pamatok ay paghihigpit at limitasyon. Kung minsan iniisip natin na ang pamatok ni Jesus ay mabigat at naglilimita sa atin. Ngunit ang pamatok ni Jesus ay hindi nagdurusa kundi may mga pribilehiyo. Ang pamatok ni Jesus ay hindi kabigatan kundi kapahingahan at kapayapaan; Iyon ang dahilan kung bakit sinabi Niya, ***“sapagka't ako'y maamo”***

Ano ang mga pribilehiyo upang makiisa kay Jesus?

A. Tamang direksyon mula sa Panginoon: Upang makiisa kay Jesus at sumunod sa Kanyang Salita at sundin ang mga ito maaring magdulot ito sa iyo ng kaunting pagbabawal, ngunit tiyak ka na ikaw ay patungo sa tamang direksyon patungo sa Langit.

B. Patuloy na paggabay mula sa Panginoon: Kapag ikaw ay nakiisa kay Jesus at sumusunod sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban kung gayon ikaw ay nasa patuloy na paggabay mula sa Panginoon, na sa bawat pagkakataong sumunod ka sa Kanyang utos at tumalima sa patnubay ng Banal na Espiritu kung gayon tinatanggap mo ang paggabay.

C. Proteksyon mula sa mga pagkakamali at maling pasya; doon nakalatag ang kapahingahan: Upang makiisa kay Jesus at sa paglakad na mas malapit sa Kanya ayon sa Kanyang Salita kung gayon nangangahulugang iyon na ikaw ay nasa patuloy na proteksyon mula sa mga pagkakamali at sa maling mga pasya.

D. Ang pasanin ay magiging magaan hangga't ikaw ay nakikiisa sa Kanya: Binibitbit ni Jesus ang ating mga pasanin kapag tayo'y nakiisa sa Kanya. Ang Pamatok ni Jesus ay tunay na kapahingahan. Marami nauunawaan nila na kung isusuko nilang lubos sa Dios sila'y magkakaroon ng pagdurusa ngunit dito sinasabi ni Jesus ay bibigyan tayo ng kapahingahan. Kapag nag iisa ka at hindi nakiisa kay Jesus dala mo ang iyong pamatok na nag-iisa, ngunit kapag lumalapit ka sa Kanya at nakiisa sa Kanya kung gayon dinadala Niya ang iyong pasanin at kahit ikaw ay dala Niya. Sa kasalungat sa mga malayo kay Jesus at hindi nakiisa sa Kanya makikita mo sila na palaging nabibigatan at nag-aalala sa maraming mga pasanin at problema.

Kaya kung itatanong natin, bakit sa ilang mga panahon tayo ay nagdurusa? Ang sagot ay, dahil tayo ay nakiisa sa ibang bagay at hindi kay Jesus! Ang tanong dito, ano ang mga bagay na nakikiisa tayo at hindi kay Jesus at ito ang mga dahilan ng ating mga kaguluhan at pagdurusa?

1. Pagmamalaki: Bawat tao ay may sadyang pagmamalaki sa kanyang buhay at tiyak na pagsasa-ayos sa kanyang isipan at siya ay may pakikiisa sa pagsasaayos na iyon; Nabubuhay siya sa kanyang sariling mundo at kapaligiran at siya ay nakikiisa sa pagmamalaking iyon na nagdudulot sa kanya ng problema at kabayaran na dapat niyang pagbayaran. May mga pagkakataon na alam nating mali tayo ngunit ang ating pagmamalaki ay hindi tumatanggap ng pagwawasto, kaya dadalhin natin ang mga bunga ng ating ginagawa. **Kaya kailangan mong magpakumbaba at talikuran ang iyong pagmamalaki at iyon ang daan para sa iyo na lumapit kay Jesus at makipamatok sa Kanya at sa gayon ang iyong pagdurusa ay maging kaunti.**

2. Kaugalian: * May mga bagay na ginagawa mo upang gawin at naging tradisyon na nakasanayan mo sa iyong sarili. At sa paglipas ng panahon ang mga tradisyunal na bagay na ginagawa mo ay nagiging ugali at tinanggap ang anyo ng mga ritwal na bagay na pinapatok mo ang iyong sarili at iyon ang nagdudulot sa iyo ng pagdurusa dahil wala nang pakikiisa kay Jesus. * Sa simula, maliit na paglihis mula sa katotohanan, kahit na ang anggulo ay maliit, ngunit sa paglipas ng panahon ang dalawang dulo ng anggulo ay magiging napakalayo, kaya hindi mo namamalayan na malayo ka kay Jesus, at kung gayon nagdurusa ka.

3. Mga kasalanan at masasamang gawi: Ang mga kasalanan ay nagdidikta ng ilang mga paraan ng pamumuhay at ang iyong pakikiisa sa partikular na kasalanan na iyon ay sumisira sa masaganang buhay na ipinangako sa atin ni Jesus. **Hindi ka makakatagpo ng kapahingahan hangga't hindi ka nagsisi sa partikular na kasalananang iyon at isinuko ang lahat kay Jesus at handang makiisa sa Kanya.**

4. Mga kaibigan: Ang mga di-mananampalataya na kaibigan at masasamang kasama mo ay magdadala sa iyo sa maling direksyon at makikita mo ang iyong sarili na ipinangako sa mapanganib na mga ugnayan at gumawa ng maling mga desisyon.

5. Mga kamag-anak at pagpapahalaga sa kultura: Ang ilan ay may pakiisa sa kung ano ang idinidikta ng kanilang mga bansa, sa kung ano ang idinidikta ng kanilang pambansang kultura at hindi nakiisa kay Jesus. Sinusunod nila ang ilang mga panahon, pagdiriwang at ilang masasamang gawi na naalis mula sa kultura ngunit hindi mula sa Salita ng Dios. **Kailangan mong suriin ang iyong sarili kung ikaw ay may pakiisa sa gayong mga bagay at hindi mo alam iyon upang mapalaya mo ang iyong sarili upang maging malaya ka sa gayo'y makabalik ka kay Jesus.**

6. Relihiyon: Ang ilang mga tao ay nakatali sa kanilang mga dating relihiyon at dating tradisyonal na simbahan at ayaw sirain ang pakikiisa na iyon at lubusang lumapit kay Jesus. **Maaaring nakatali ka sa gayon din sa iyong dating relihiyon o dating tradisyonal na simbahan at ikaw ay nakikiisa sa kanila at hindi ka na lumalakad kasama si Jesus.**

Maaari kang magdagdag sa listahan at maaaring ipakita sa iyo ng Banal na Espiritu ang higit pang mga bagay na ipinapakisama mo sa iyong sarili. Ngunit maaari kang manalangin at gumawa ng iyong pangako at hilingin sa Dios na sirain ang anumang pamatok na nakagapos sa iyo at maging sanhi ng pagdurusa sa iyo upang ikaw ay mapalaya at makalaya.

Pangatlo, upang makahanap ng kapahingahan Sinabi ni Jesus, aat magaral kayo sa akin; Kailangan nating matutunan mula kay Jesus ang tunay na paraan ng pamumuhay upang masiyahan tayo sa buhay at magkaroon ng kapahingahan. Ang mga paraan na ibinibigay ng Dios mula sa kung saan maaari matutunan natin ay ang mga sumusunod?

1. Ang Salita ng Dios (Kailangan tayong tagubilin ng Salita).
2. Ang Banal na Espiritu (Kailangan tayong gabayan ng Banal na Espiritu).
3. Ang mga taong pinahiran at itinalaga ng Dios sa simbahan upang turuan tayo, kailangan nating matuto mula sa gayong mga tao.
4. Ang ating mga maling desisyon at kabiguan ay nagtuturo sa atin na magsisi at magbalik sa Panginoon.

Tulad ng sinabi namin na may mga pagkakataon na ang mga tao ay nagdurusa dahil sila ay may pakikiisa sa ibang bagay. At kapag sila ay may pakikiisa sa iba pang mga bagay, hindi sila matututo mula kay Jesus. Ang mga tao, kapag sila ay nakikiisa sa ibang mga bagay, sila ay nasa pagkaalipin at alipin ng mga bagay na kanilang pinakikisamahan. **Pinalaya tayo ni Cristo, kaya't dapat tayong maging mapagmalasakit at huwag na muling ilagay ang iyong sarili sa pagkaalipin. "Sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo: magsitibay nga kayo, at huwag na kayong pasakop na muli sa pamatok ng pagkaalipin."** (Galaci 5:1 KJV) Ngayon ay pag-aralan natin ang buhay ni Abraham at malalaman at matututunan kung ano ang mga pagkaalipin na maaari kang masangkot na kailangan mong sirain ang pakikiisa ng pagkaalipin o pang-aalipin na iyon upang mapalaya para makabalik ka at muling makiisa kay Jesus, matuto mula sa Kanya at makatagpo ng kapahingahan.

"1 Sinabi nga ng Panginoon kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo:" (Genesis 12:1 KJV) Ang inyong sariling bayan, kultura, tradisyon, at tradisyon ng sambahayan ng iyong ama, ang iyong mga kamag-anak, at ang relihiyon at mga gawain ng iyong sariling bayan ay maaaring iyong iningatan at ilagay ang iyong sarili sa pagkaalipin. Handa si Abraham na iwanan ang lahat ng iyon upang sundin niya ang Dios. Talagang sinunod niya ang Dios at iniwan ang lahat ng iyon at sumunod sa Panginoon. **Kailangan mo ring iwanan ang lahat ng iyon upang sundin mo ang Dios.**

"5 At si Lot man na kinasama ni Abram ay may tupahan at bakahan, at mga tolda. 6 At sila'y hindi makayanan ng lupain, na sila'y manahan na magkasama: sapagka't napakarami ang kanilang pag-aari, na ano pa't hindi maaring manirahang magkasama. 7 At nagkaroon ng pagtatalo ang mga pastor ng hayop ni Abram at ang mga pastor ng hayop ni Lot; at ang Cananeo at ang Pherezeo ay naninirahan noon sa lupain. 8 At sinabi ni Abram kay Lot, Ipinamamanhik ko sa iyong huwag magkaroon ng pagtatalo, ikaw at ako, at ang mga pastor mo at mga pastor ko; sapagka't tayo'y magkapatid. 9 Di ba ang buong lupain ay nasa harap mo? Humiwalay ka nga sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo: kung ikaw ay pasa sa kaliwa, ay pasa sa kanan ako: o kung ikaw ay pasa sa kanan, ay pasa sa kaliwa ako." (Genesis 13:5-9 KJV) Ang mga pastol ng hayop ni Abraham at ang mga pastol ni Lot ay nag-aaway tungkol sa materyal na mga bagay at nakaapekto ito sa relasyon ni Abram kay Lot. Lahat ng ito ay tungkol sa mga materyal na bagay. Nakilala ni Abram ang pagkaalipin na iyon at pinalaya ang kanyang sarili mula rito. **Kadalasan ay naaakit ka sa mga pag-aaway dahil sa mga materyal na bagay. Dapat mong malaman na ang lahat ng materyal na bagay ay makamundong bagay at walang maitutulong para sa iyo. Hayaang mawala ang gayong pagkaalipin sa materyal na mga bagay at huwag hayaang makaapekto sa iyong pamatok kay Jesus.** Nang iwan ni Lot si Abram, ganito ang sinabi ng Panginoon kay Abram, **"14 At sinabi ng Panginoon kay Abram, pagkatapos na makahiwalay si Lot sa kaniya, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at sa dakong kalunuran: 15 Sapagka't ang buong lupaing iyong natatanaw ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakaylan man. 16 At gagawin kong parang alabok ng lupa ang iyong binhi: na ano pa't kung mabibilang ng sinoman ang alabok ng lupa ay mabibilang nga rin ang iyong binhi. 17 Magtindig ka, lakarin mo ang lupain, ang hinabahaba at niluwang-luwang niyan; sapagka't ibibigay ko sa iyo."** (Genesis 13:14-17 KJV) Pagpapalaya sa iyong sarili mula sa materyal na pagpapaalipin ay magdadala ng tunay na pagpapala ng Dios at ang Kanyang mana sa iyong mga inapo.

"1 Si Sarai nga na asawa ni Abram ay hindi nagkaanak sa kaniya; at siya'y may isang alilang babae na taga Egipto, na naqnganqalang Agar. 2 At sinabi ni Sarai kay Abram, Narito, ngayon, ako'y hinadlangan ng Panginoon na ako'y magkaanak; ipinamamanhik ko sa iyong sumiping ka sa aking alilang babae; marahil ay magkakaanak ako sa pamamagitan niya. At dininiq ni Abram ang sabi ni Sarai. 3 At kinuha ni Sarai na asawa ni Abram, si Agar na taga Egipto, na kaniyang alila, pagkaraan ng sangpung taon na makatahan si Abram sa lupain ng Canaan, at ibiniqay kay Abram na kaniyang asawa upang maging asawa niya. 4 At siya'y sumiping kay Agar, at naglihi: at nang makita niyang siya'y naglihi, ay niwalang halaga niya ang kaniyang panginoong babae sa kaniyang paningin." (Genesis 16:1-4 KJV) bakit nakinig si Abraham sa sinabi ng kanyang asawa na kunin si Agar bilang asawa ra ilagay ang kanyang sarili sa pagkaalipin? Hindi ito dahil sa pagnanasa. Ngunit ito ay dahil sa kawalan ng pananampalataya. Sina Abram at Sarai ay tila nag-aalinlangan na bibigyan sila ng Dios ng anak dahil matanda na sila. Ang pagkaalipin na iyon ay pagkaalipin ng kawalan ng pananampalataya at kalaunan ay pagkaalipin ng pangangalunya. **Maraming tao ang hindi naghihintay sa tamang panahon ng Dios upang mag-asawa at magkaroon ng makadiyos na pamilya at makadiyos na mga anak. Ang kakulangan ng pananampalataya ay nagtutulak sa kanila na tanggapin ang unang tukso sa isang lalaki o babae bilang isang pagkakataon ng Dios at sila ay yayaon para sa pakikipagtipan at pagkakaibigan at magtatapos sa**

pangangalunya. Ang Dios ay may magandang plano para sa iyo na magkaroon ng isang pamilya ngunit kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa Kanya at maghintay para sa Kanya hanggang sa dumating Siya at pagpalain ka ng isang pamilya.

“9 At nakita ni Sara ang anak ni Agar na taga Egipto, na ito'y nagkaanak kay Abraham, na tumutuya sa kaniya. 10 Kaya't sinabi niya kay Abraham, Palayasin mo ang alipin ng ito at ang kaniyang anak: sapagka't hindi magmamana ang anak ng alipin ng ito na kahati ng aking anak, sa makatuwid baga'y ni Isaac. 11 At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak. 12 At sinabi ng Dios kay Abraham, Huwag mong mabigatin ito sa iyong paningin dahil sa iyong alipin; sa lahat na sabihin sa iyo ni Sara, ay makinig ka sa kaniyang tinig, sapagka't kay Isaac tatawaqin ang iyong lahi. 13 At ang anak din naman ng alipin ay gagawin kong isang bansa, sapagka't siya'y anak mo. 14 At nagbangong maaga sa kinaumagahan si Abraham, at kumuha ng tinapay at ng isang bangang balat ng tubig, at ibinigay kay Agar, na ipinatong sa kaniyang balikat, at ang bata at siya ay pinapagpaalam, at siya'y nagpaalam at naggala sa ilang ng Beerseba.” (Genesis 21:9-14 KJV) Sa pangyayaring ito ay hiniling kay Abraham na palayasin ang kanyang pangalawang asawa na si Agar at ang kanyang anak na si Ismael upang palayain mula sa pangangalunya. **“11 At ang bagay na ito ay naging lubhang mabigat sa paningin ni Abraham dahil sa kaniyang anak.”** Iyan ang pagkaalipin ng damdamin na naghahari sa buhay ni Abraham. Alam niya na ang relasyon nila ni Agar ay pangangalunya ngunit hindi niya ito pinaalis dahil ang emosyon nito ay may kaugnayan sa kanyang anak na si Ismael. **Marami ang nasa parehong kalagayan ni Abraham na may pangalawang pamilya, alam nila na ito ay pangangalunya at ang damdamin ng kanilang mga puso ay pumipigil sa kanila na gawin ang kalooban ng Dios. Maraming mga Cristiano ang may kontrol sa kanilang mga damdamin at nasa pagkaalipin at hindi maaaring gawin ang kalooban ng Dios dahil ang mga emosyon ay namamahala sa kanilang mga puso; Kontrolado sila ng pag-ibig, panibugho, galit, kapaitan, sama ng loob at hindi pagpapatawad.**

Ngunit sa wakas ay napagtagumpayan ni Abraham ang kanyang sarili at pinalaya ang kanyang sarili. **Dalangin ko na ang mensahe ay maghikayat sa iyo na gawin din ito upang kayo ay mapalaya mula sa pagkaalipin ng damdamin.** At nang mapagtagumpayan ni Abraham ang kanyang damdamin ay agad niyang sinunod ang Dios gaya ng mababasa natin sa **Genesis 22** nang hilingin ng Panginoon sa kanya na ialay ang kanyang bugtong na anak na si Isaac sa Dios.

“1 At si Abraham ay nagasawa ng iba, at ang pangalan ay Cetura. 2 At naging anak nito sa kaniya si Zimram at si Joksan, at si Medan, at si Midiam, at si Ishbak, at si Sua. 3 At naging anak ni Joksan si Seba at si Dedan. At ang mga anak na lalake ni Dedan, ay si Assurim at si Letusim, at si Leummim. 4 At ang mga anak ni Midian: si Ephra at si Ephraim, at si Enech, at si Abida, at si Eldaa. Lahat ng ito ay mga anak ni Cetura. 5 At ibinigay ni Abraham ang lahat ng kaniyang tinatangkilik kay Isaac. 6 Datapuwa't ang mga anak ng naging mga babae ni Abraham, ay pinagbibigyan ni Abraham ng mga kaloob; at samantalang nabubuhay pa siya ay mga inilayo niya kay Isaac na kaniyang anak sa dakong silanganan sa lupaing silanganan.” (Genesis 25:1-6 KJV) Nang mamatay si Sara, kumuha si Abraham ng isa pang asawa, si Ketura. Kung titingnan mo, masasabi mo, tama ito dahil patay na ang asawa niya. Maaaring tama iyan. Ngunit paano naman si Agar, patay na rin ba siya? Hindi natin alam. At hindi natin mahuhusgahan ang desisyon ni Abraham na maging asawa si Ketura. Ngunit sa ginawa ni Abraham nang palayasin niya ang lahat ng mga anak ni Ketura, makatititik tayo na hindi iyon ang kalooban ng Dios na magkaroon siya ng Ketura bilang asawa. Alam ni Abraham na hindi kalooban ng Dios na gawin niya iyon. Ngunit ginawa niya ito dahil hindi niya alam ang kahihinatnan nito. Ngunit kalaunan nang makita niya kung paano ito makakaapekto kay Isaac at sa mabuting plano ng Dios sa kanya at sa kanyang inapo ay nagsisi siya.

Maraming mga Cristiano at maaaring ikaw ay isa sa kanila, maaaring gumawa ng mga bagay-bagay, panlabas na mukhang naayon sa Salita ng Dios, Ngunit sa loob nila o alam mo na ito ay labag sa kalooban ng Dios. Ito ang pagkaalipin ng paggawa ng iyong sariling kalooban na nais ng Dios ngayon na palayain ka mula rito.

Sa aking Mahal at Minamahal: “11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pag-iisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng Panginoon, mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang biqyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas. 12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo. 13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso. 14 At ako'y masusumpungan sa inyo, sabi ng Panginoon, at aking ibabalik uli kayo na mula sa inyong pagkabihag, at aking pipisanin kayo mula sa lahat ng bansa, at mula sa lahat ng dako na aking pinagtabuyan sa inyo, sabi ng Panginoon; at aking ibabalik kayo uli sa dakong mula sa aking pinagdalahang bihag sa inyo.” (Jeremias 29:11-14 KJV) Pagod ka na ba sa buhay mo? Nakikipaglaban ka ba sa maraming maling desisyon, at mali ang iyong sariling paraan ng pag-unawa? Ikaw ba ay may pumatok at pagkaalipin? Kung iyan ang iyong kalagayan at ang iyong buhay, si Jesus ay para sa iyo at tutulungan ka Niya at ibabalik ka. Sinabi ni Jesus, **“29 Pasanin ninyo ang aking pumatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa.” (Mateo 11:29 KJV)** Itapon ang anumang pakikiisa na hindi kay

Jesus at bumalik sa Panginoon at pasanin ang Kanyang pamatok sa iyo at maging handang manatili sa Kanya at tuturuan ka Niya kung paano magkaroon at tumanggap ng kapahingahan mula sa Kanya. Magtiwala ka sa Kanya at huwag matakot na lumapit sa Kanya. Makiisa sa Kanya at maging handa na matuto mula sa Kanya.

Manalangin tayo

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa pagpapahayag ng iyong Salita at sa iyong kalooban sa akin. Salamat Jesus para sa pagtawag sa akin upang lumalit sa iyo, salamat sa para sa iyong pamatok at sa iyong kagustuhang turuan ako. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid, sa pagsaway, at sa pagpapayo na tinanggap namin sa mensaheng ito.

Lumapit ngayon sa Dios at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, Ipagtapat at talikuran ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman at iyong pagibig sa salapi, at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong kapalaluan, hindi maituturo na espiritu, labis na tiwala sa sarili, katigasan ng ulo at ang iyong pagkaantala sa pagsunod. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagkaalipin sa iyong lumang kultura, tradisyon at iyong dating relihiyon, damdamin at paggawa ng iyong sariling kalooban at plano. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalan ng pananampalataya at lubos na pagtiwala sa Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagtatalo, hindi pagpapatawad, sama ng loob, kapaitan, away, at pagtatalo. Ipagtapat ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa panalangin. Ipagtapat at talikuran ang iyong pamatok sa mga di-mananampalataya at ang iyong pagkaalipin sa maraming kaibigan at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong masamang halimbawa at ang iyong walang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon, patawarin mo ako, pinagsisisihan ko ang mga sumusunod na kasalanan _____

Panginoon Ako ay lumalapit sa iyo at sa iyong Salita. Handa akong makiisa sa iyo, Iniwan ko ang lahat ng aking kapalaluan, kasalanan, kaibigan, tradisyon at lahat ng aking mga maling gawain. Panginoon, itinatapon ko ang mga sumusunod na pakiisa at pagkaalipin _____. Panginoon, palayain mo ako sa mga sumusunod na suliranin _____ at bigyan mo ako ng kapahingahan. Nais kong matuto mula sa iyo, ituro sa akin ang iyong mga paraan at ang iyong katotohanan, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan; Na lumapit sa iyo at handang makiisa sa iyo at matuto mula sa iyo. Nilalabanan namin ang lahat ng gawain ni Satanas sa kanilang buhay at sinisira ang kanilang mga pagkaalipin sa pangalan ni Jesus upang mapalaya. Panginoon patnubayan mo sila ng sa kanilang buhay, gabayan sila sa iyong mga landas, palayain sila mula sa kanilang mga pagkaalipin at palayain sila mula sa kanilang mga damdamin at tulungan silang gumawa ng matapang na mga desisyon upang iwanan ang lahat ng salungat sa iyong Salita, sa iyong kalooban at sa iyong plano sa kanilang buhay. Panginoon, palayain Mo sila sa kanilang mga kapighatian, at patuloy Mo silang bantayan at ituwid sila sa tuwing sila ay lumilihis sa iyong mga lakad at sa katotohanan ng iyong Salita.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na mamuhay sa pagsunod sa iyong Salita na tinanggap namin sa mensaheng ito. Ipinangako namin ang aming sarili na sundin ang Iyong Salita, ang Iyong kalooban at ang Iyong plano para sa bawat isa sa amin. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na puspusin mo kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at mag-ebanghelyo, at gumawa ng mga bagong alagad at sanayin ang mga bagong manggagawa na yumaon at magtanim ng higit pang mga pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin ang mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa Iyong pagdating na sumama sa Iyo pagdating Mo. Panginoon, tuparin ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain mo kami ng, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa pinsala upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com